Tagalog

# Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center（GIC）
International Exchange at Multicultural Magazine
GIFU INTERNATIONAL CENTER

Pebrero 2024 No.158



© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモ ＃0195

## Selebrasyon ng 35$^{th}$ taon ng Pagkakaibigan ng Gifu Prefecture at Jiangxi Probinsya ng Tsina



Ang Gifu Prefecture at Jiangxi probinsya ng Tsina ay pumasok sa pagkakaibigan noong taong 1988. Simula noon ang dalawang rehiyon ay nagtaguyod at nagpalitan ng malawak na hanay sa larangan ng kultura, kabataan, at agrikultura at forestry.

Taon 2023 ay nag marka ang isang espesyal na okasyon para sa ika-35 taong Anibersaryo, buwan ng Oktubre, ang delegasyon mula sa Jiangxi, kasama ang Director na si Wu Hao ng Jiangxi Provincial Committee ng Communist Party ng China, ay bumisita sa Gifu. Ang delegasyon ay nakipagkita kay Gobernor Furuta ng Gifu sa Prefectural Office at nagpatunay na makikipag tulungan at ipagpapatuloy ang pagpopromote at pakikipag kooperasyon sa ibat ibang larangan ng pamantasan sa hinaharap. Karagdagan, para ipagdiwang ang ika-35 taong anibersaryo, konsyerto at ibat-ibapang patanghal ng Jiangxi Art Troupe, na bumisita mula sa Tsina para bisitahin ang Japan.

## Konsyerto ng Paggunita

Ang konsyerto ng pagkakaibigan sa gitna ng Gifu at Jiangxi ay ipinagdiwang sa isang kagilas gilas na pamaaraan, sa pamamagitan ng tradisyonal na Chinese bamboo flute at lute (pipa) na pinalabas ng Jiangxi Art Troupe, ito ay isang lokal na presentasyon ng Teatro mula sa Jiangxi Province, ang musikal na palabas ng Asahi University Wind Orchestra, at kasamang magtatanghal ang Nagara High School chorus at ang Jiangxi Art Troupe ng Chinese folk song “Mo Li Hua”, na ang ibig sabihin ay “Bulaklak ng Jasmine ”.

- **Gifu Prefectural Office**
  Petsa: Miyerkoles ika-24 ng Oktubre 2023
  Lugar: Minamo Hall, Gifu Prefectural Office 1F
- **Asahi University**
  Petsa: Huwebes ika-26 ng Oktubre 2023
  Lugar: Lecture Room 513, 1F, Building 5, Asahi University







## Ipinakikilalang Exsibisyon ng larawan mula sa Probinsya ng Jiangxi

Ipinapakita ang 35 na larawan na mayaman sa natural ,kultura at industriya sa probinsya ng Jiangxi .

Durasyon ng Exsibisyon: Miyekoles ika-25 ng Oktubre hanggang Martes ika-7 ng Nobyembre 2023
Lugar: Seiryu Lobby, Gifu Prefectural Office 20F

Ito ay Inorganisa at Inisponsoran ng Gifu Prefecture at Jiangxi Province
Ito ay Sinuportahan ng Gifu International Center



# Kultura ng Bagong Taon Mula sa Ibat Ibang Bansa sa Buong Mundo

Dito sa Japan, ang Bagong Taon ay nasa buwan ng Enero, ang kaugalian ng mga Japanese ay kasama ang : Hatsumode (ang unang pagbisita sa shrine sa unang taon ), Nengajo (New Year's greetings cards), Otoshidama (New Year's gift, ito ay regalo na pera tinatawag sa atin na ampao mula sa bansang Tsina), and Kagami-mochi (ito ay especial na mochi (tikoy o malagkit )na may orange sa itaas).Paano nyo ipinagdidiwang ang Bagong Taon ?

Marami sa Asyanong galing sa Silangan na Bansa, Tulad ng Tsina, ay ipinagdiriwang ang Lunar New Year. Ang Lunar New Year ay base sa sa kalendaryo ng Lunisolar, ito ay mula sa sa kalendaryo ng Gregorian, ang bawat taon ,ang petsa ng Lunar New Year ay nagbabago. Ngayon Taon ,ito ay ika 10th ng Pebrero. Ang Bagong Taon ng Asyanong galing sa Silangan na Bansa (kung ito man ay nasa ika-1 ng Enero o nasa Lunar New Year) ito ay palaging ipinagdidiwang na isa sa pinaka pangunahing holiday ng taon. Subalit, mas kaunti ang tradisyonal na pagdiriwang ng Bagong Taon sa maraming bansa ng karamihan sa bansang Kanluran,sa kadahilanan na ang pinaka pangunahing ipinagdiriwang sa karamihan ay ang  Christmas holiday sa buong taon.

Ibabahagi natin kung paano ipinagdidiwang ng mga tao ang Bagong Taon sa ibat ibang bansa sa buong mundo! Maraming kaugalian sa Bagong Taon ,kasama na dito ang Japan na nagnanais ng swerte o nagdadala ng swerte sa buong taon.

## ～ Mga bansang nag diriwang ng Bagong taon sa ika-1 ng Enero ～

### Cuba



Nasa sa Sentral ng Amerika ,ang bansang Cuba, hatingabi ng a-1 (uno) ng Enero, ay nakaugalian ng kumain ng 12 piraso ng ubas. Ang bawat isang ubas ay kumakatawan sa bawat buwan ng taon,at maari kayong humiling sa bawat ubas. Maari din,kung gusto nyo mag biyahe sa bagong taon,maari kayong maglakad sa inyong lugar na hawak ang walang laman na maleta. Itong kaugalian ay sinusunod din ng ibang bansa na nasa Latin Amerika katulad ng Colombia at Mexico. Ang isa pang kaugalian ng Cuba ay ang pagsuot ng kulay dilaw na panloob sa araw ng Bagong Taon na nagdadala ng magandang kapalaran, swerte at kasaganahan.

### Greece



Sa Greece, ang cake na tinatawag na Vasilopita, ito ay kinakain sa araw ng Bagong Taon. Pag ginagawa itong cake, may hinahalong barya sa mga sangkap, at paghinati ang cake na may kasamang barya. Ang makakuha ng barya sa cake ay sinasabing mapalad at suswertehin sa bagong taon. Sa karagdagan, ang Granada (pomegranate) ay ginagamit sa pagdedekorasyon sa bahay para sa Bagong Taon. Dahil noong panahon ng Ancient Greek ang Granada (pomegranate) ay simbolo ng kasaganahan at magandang kapalaran. Kapag nagsimula ang Bagong Taon, ang Granada (pomegranate) ay dinudurog sa labas ng bahay, mas maraming buto na nakakalat, mas maraming suwerte ang darating sa bagong taon.

### Austria and Germany



Austria at Germany ay magkalapit na bansa, ang salitang German ay parehong ginagamit at may katulad na tradisyonan at kaugalian. Ang dalawang bansa, ay may tinutunaw na lead na ginagamit para mapredikasyon ang hinaharap sa bagong taon. Kamakailan ang lead ay pinagbabawal dahil sa toxicity nito,sa halip ang tin o wax ang maaaring gamitin. Pagkatapos matunaw ang material, ito ay binubuhos sa malamig na tubig. Pagkatapos nito ay makikita ang matibay na hugis at dito masasabi ang kapalaran sa bagong taon .


**Mga Karagdagan na kaugalian**

Karamihan sa mga Kanluraning bansa, kasama dito ang UK at ang USA, ang New Year's Resolutions ay ginagawa para sa layunin sa buong taon. Kadalasan ang mga resolusyon ay kaugnay sa kalusugan, halimbawa, ang layunin ay upang simulan ang pag punta sa gym.

Sa buong mundo, ang countdown at mga party events o mga kasayahan ay papolar na paraan sa pag salubong sa bagong taon. Tulad ng resulosyon, ang UK at ang USA,bukod pa sa ibang bansa, may bahagi din ng ibang kaugalian, ang paghalik sa isang tao kapag tumunog ang orasan sa bispiras ng hatinggabi ng bagong taon.

## ～ Mga bansang nag diriwang ng Lunar New Year ～

### Vietnam




Sa Vietnam, ang Lunar New Year ay tinatawag na "Tết". Sa pagdidiwang, ang mga Vietnamese ay nagdedekorasyon ng kanilang bahay gamit ang mga bulaklak bago magsimula ang holiday, Ang palengke ng mga bulaklak (flower markets) ay binubukasan sa buong bansa. Sa Timog ng Vietnam, ang nakakamanghang amoy, dilaw ito ay "hoa mai" (apricot flowers) ay ginagamit,habang sa Hilagang Vietnam ang "hoa dao" (peach flowers) ay bahagyang makapal at matingkad na pink ang petals ay ginagamit pang dekorasyon. Kung gusto mong mas malaman ang tungkol sa Tết, maaring icheck ang GIC's CIR blog gamit itong QR code!

### China



Sa Tsina, ang Lunar New Year, ay kilala rin sa tinatawag na Spring Festival, ay "Chūn Jié". Sa panahon ng Piyesta ng Tagsibol (Spring Festival), ang mga Chinese ay gumagamit ng Chunlian couplets para dekorasyonan ang pasukan ng kanilang bahay. Ang Chunlian ay may mga nakasulat ng kanilang mga nais at mithiin, halimbawa dito ay kasaganahan sa kanilang pakikibaka sa kanilang negosyo at kalusugan sa bawat membro ng pamilya. Sa umaga ng bagong taon, ang mga paputok ay iniayos, dahil ang mga tunog nito ay nagpapaalis masamang espiritu at nagbibigay ng mabuting pangitain. Sa iba pang usapan,marami sa kanlurang  bansa, ang mga paputok ay pangkaraniwang paraan ng pag diriwang para sa Bagong Taon. Sa Tsina, ang pulang kasuotan ay sinusuot tuwing Piyesta ng Tagsibol (Spring Festival) dahil ang pagsuot ng pulang kasuotan ay nagbibigay at nagdudulot ng magandang kapalaran.

# Impormasyon Para Sa Mga Dayuhang Residente na May Sariling Sasakyan at Nagnanais na Magkaroon ng Sariling Sasakyan dito sa Japan:



Ang pagkakaroon ng sariling sasakyan ay lubhang paki pakinabang bilang isang paraan ng trasportasyon sa pang araw araw na gawain katulad ng pamimili. Dahil dito, maraming mga dayuhan ang nag-iisip bumili ng sasakyan. Tignan natin ang ilang bagay na dapat natin alamin sa pag mamay-ari ng sariling sasakyan sa Japan.

### 1 Kailangan ang Lisensya sa Pagmamaneho (driver's license)

Para makapag maneho ng sasakyan dito sa Japan, kailangan mo ng lisensya ng pagmamaneho sa Japan ( Japanese driver's license.)

(1) Kung meron ka ng lisensya sa pagmamaneho ng sasakyan sa iyong sariling bansa, ito ay maari mong ipalipat sa lisensya ng pagmamaneho sa Japan sa pamamagitan ng kinakailangang pamamaraan. Para sa karagdagan detalye para sa mga kondisyon ng pag-aaply at kinakailangan dokumento, at iba pa, Mangyaring sumangguni sa multilingual na bersyon ng Gifu Prefectural Police Headquarters website.
(https://www.pref.gifu.lg.jp/site/police/100122.html)

(2) Kung wala kang lisensya ng pagmamaneho mula sa iyong sariling bansa, maari kang mamili sa dalawang paraan na nakalista sa ibaba para magkaroon ng Lisensya sa pagmamaneho dito sa Japan( Japanese driver's license.)
① Kumuha at makapasa sa written test at practical test sa Police Headquarters Driver's License Test Site (Driver's License Center).
② Mag-aral at Pumasok sa driving school o eskuwelahan ng pagmamaneho upang makakuha ng lisensya ng pagmamaneho.
Sa Gifu Prefecture, ang written test ay maaring makuha sa wikang English, Portuguese at Chinese (simula noong Disyembre 2023).
Huwag ipahiram ang inyong sasakyan sa walang lisensya ng pagmamaneho dito sa Japan.

### 2 Inspeksyon ng Sasakyan (Shaken)

Ang sistema ng inspeksyon at pagpaparehistro ng sasakyang de-motor ay sumusubok kung ang sasakyang pinag-uusapan ay nasa ligtas na kondisyon para imaneho. Para sa mga bagong sasakyan, ang unang pag iinspeksyon ay ginagawa sa ikatlong taon pagkatapos itong bilhin, at ang kasunod nito ay kada ikadalawang taon. Ang inspeksyon ng sasakyan ay nakasaad sa Road Transport Vehicle Law at dapat isagawa para maging legal ang sasakyan. Maaaring isagawa ang mga inspeksyon sa iba't ibang lokasyon tulad ng mga dealership ng kotse at mga gasolinahan.

### 3 Seguro sa Sasakyan (Automobile Insurance)

Ang Seguro ng Sasakyan ay sumasaklaw sa kahit anumang pinsala na dulot sa anumang kaganapan ng aksidente sa trapiko o anumang problema habang nag mamaneho. May dalawang uri ng seguro: Ang isa ay mandatory vehicle liability insurance at ang ikalawa ay voluntary additional insurance. Ayon sa batas, ikaw ay obligadong kumuha ng mandatory vehicle liability insurance, ito ay sumasaklaw sa biktima ng aksidente sa trapiko. Ito ay hindi sakop ang pinsala ng iyong sasakyan o ang sasakyan ng partido, hindi rin nito sinasakop ang sariling pinsala. Para makakuha ng mas komprohensibong masasakop, kinakailangan mo rin kumuha ng voluntary additional insurance , na maaaring makasali o magkaroon sa pamamagitan ng online at sa mga dealer ng sasakyan at iba pang lugar.
Kung gusto mong manghiram ng sasakyan ng iba , katulad ng sa kaibigan at iba pa, maari kang bumili ng policy ng pang isang araw na Seguro (one-day insurance policy.)

### 4 Buwis sa Sasakyan

Ang mga rate ng mga sasakyan ay base sa mga laki ng makina, taon ng modelo ng sasakyan, at iba pa. Bawat taon ng buwan ng Mayo ang notipikasyon ng buwis ay pinapadala sa address ng taong nakarehistro sa sasakyan. Siguraduhing magbayad ng buwis ng sasakyan sa takdang araw at oras, pag hindi nyo nagawa, hindi kayo maka kakuha ng inspeksyon ng sasakyan. Kung hindi kayang bayarang buo ang buwis ng isang bayaran, maaari kang mag apply ng installment para ito ay iyong mabayaran maaring kumunsulta sa inyong mga local prefectural tax office o sa kaukulang departamento ng munisipyo. Kapag hindi mo na bayaran ang buwis ng sasakyan sa takdang araw at oras o sa pag bayad ng installment, ikaw ay kinakailangan magbayad ng dagdag na bayad (interes o delinquent payment fee).
Maaring mag-ingat sa maraming kaso ng maraming tao ,na hindi sila na kakatanggap ng notipikasyon sa pagbabayad ng buwis ng sasakyan ,sa kadahilan nakalimutan nilang ipalipat ang kanilang address sa nilipatan.

### 5 Pagpaparehistro bilang may ari ng sasakyan (transferring registration)

Kapag bumili ng second hand na sasakyan, kinakailangan na iparehistro ito bilang bagong may ari ng sasakyan. Kung bumili ka ng secondhand na sasakyan mula sa isang pribadong may ari, (halimbawa walang dealership ng sasakyan o walang tagapamagitan ) ang pag-gamit nito ng hindi pagbabago ng rehistro bilang may ari ng sasakyan, ay illegal at maaaring multahan. Dagdag pa dito, ang mga abiso o notipikasyon na may pagkakaugnay sa mga paglabag sa trapiko at buwis na notipikasyon ay patuloy pa rin ipapadala sa dating address ng may ari. Mahihirapan din bumili ng voluntary insurance at kung gusto mong ibenta ang iyong sasakyan sa hinaharap hindi mo na magagawa. Sa madaling salita ,kinakailangan mong irehistro sa iyong sarili bilang bagong may ari ng sasakyan.

### 6 Ang dalawang kategorya ng sasakyan sa Japan : Dilaw na plaka at Puting plaka

Sa Japan, ang mga kotse ng pampamilya para sa pansambahayan ay nahahati sa dalawang uri gamit ang kulay ng plaka. Ang Dilaw na plaka ng kotse ,na tinatawag ding "Kei cars" ay ang mga maliit at mayroon ding maliit na makina. Ang Puti na plaka ng kotse ay may mga karaniwang sukat , ordinaryong sasakyan at mas malaki sa dilaw na plaka ng sasakyan/Kei cars. Sa Pangkalahatan, ang buwis sa sasakyan at ang premium na Seguro( insurance premiums) ay mas mura para sa mga Kei cars kaysa sa mga ordinaryong sasakyan . Kung bumuli ka ng ordinaryong sasakyan (hindi ang Kei car) kinakailangan mong makasiguro na meron kang garahe na mapag-paparking, at mag apply ng Parking Place Certificate (Shako Shomei). Sa ilang mga lugar, (Gifu city, Kakamigahara, Ogaki, and Tajimi) kinakailangan mo rin mag apply para sa Parking Place Certificate kapag ikaw ay bumili ng Kei car.

### 7 Ano ang dapat gawin kung sakaling magkaroon ng aksidente sa trapiko

Kung ikaw ay sangkot sa banggaan o aksidenteng trapiko, agad agad na itigil ang sasakyan sa isang ligtas na lugar. Suriin kung ikaw, o sinumang sangkot na tao sa aksidente ang nasugatan, at kung kinakailangan, tumawag sa emergency services sa 119 para sa ambulansya. Pagkatapos nito, makipag ugnayan sa pulisya at tumawag o gamit ang numerong 110, at ilahad ng tumpak sa opisyal kung ano ang nangyari.

Ang buhay ng may kotse ay mas maginhawa, kaya kapag nagmamaneho tayo kinakailangan nating lahat na maging responsable, sumunod sa mga patakaran sa trapiko at magmaneho ng ligtas.

**Alam mo ba…**

Maaring pumili ng numero ng plaka, basta ito ay 4 na numero o mas mababa (Preferred Number Plate System). Maaring mag-apply sa Gifu Automobile Business Association (Preferred Number Plate Registration Center) counter, (http://www.aba-gifu.or.jp/) or via the National Automobile License Plate Council's website. (https://www.n-p.or.jp/hope_number.html)

Close up!

Pagpapakilala sa mga Grupo na Nagpapatakbo sa Gifu

# Asosyasyon Para sa Gifu World Youth

Ito ay itinatag noong Marso1982, ngayon taon ang ika-42 na anibersaryo ng Gifu World Youth (GWY). Kabilang sa kanilang mga aktibidad ay ang : pagsasanay sa mga Kabataan na isinasagawa ng Ministry of Foreign Affairs, Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology, JICA, at JICE; Ang Japanese language programs para sa mga unibersidad na estudyante ng Hong Kong ; ang iba pang human resource at lokal na komunidad para sa development ng pakikipagtulungan sa Pambansa at pang Internasyonal na industria ng gobyerno at akademia. Noong 2022,sa isang kaganapan bilang sa pag gunita ng ika 40 na anibersaryo ng GWY, si Ginoong Makio Miyagawa, ang dating Japanese Ambasador ng Extraordinary at Plenipotentiary sa Malaysia ay nagbigay ng keynote speech para sa “International Projects at ang Future of International Exchange” na sumasaklaw sa mga paksa tungkol sa mga global politikal na kaguluhan (ang bagong era ng mga kasalungatan ) sa pinaka bagong situasyon ng Ukraine at ang mga epekto sa pang internasyonal na relasyon. Karadagan pa dito, ang mga miyembro ay nagtulong tulong sa pag-iisip tungkol sa mga dating mga aktibidad para mapaganda at nangangako sa kaunlaran para sa kinabukasan .

Mula ng itinatag, ang GWY ay tumawag ng pansin sa internasyonal na palitan ng ibat-ibang bansa sa buong mundo, hindi lamang sa Europa at Hilagang Amerika, at sa iba pang katulad ng Asia, ang region ng Pasipiko , Sentral at Timog Amerika, at Africa. Ang GWY ay nag organisa ng maraming aktibidad sa paglahok sa Seino (ito ay region sa Gifu) at Kent (county sa UK) Youth Exchange Program, ito ay seminar para sa edukasyon na kasama ang Malaysian Ministry of Education, ang Japanese language training program na kasama ang UOW College Hong Kong, at pagtatanghal sa junior high at high schools sa espesyalista sa larangan ng musika at sining sa buong mundo .

Dagdag pa dito, ang Multicultural Forum kasama ang mga dayuhang residente ng Gifu Prefecture ay ginaganap tuwing dalawang beses bawat taon . Noong Disyembre, Gifu Prefectural Coordinators for International Relations at exchange students mula sa ibat ibang bansa ay nag tanghal tungkol sa mga pagdiriwang mula sa buong mundo, sinundan din ng masigasig na grupo ng mga talakayan sa pagitan ng mga nag presenta at sa mga dumalo.

Sa pakikipag tulungan ng ibang pang organisasyon na kasangkot sa internasyonal na pakikipagpalitan, ang GWY ay nagsisikap na makagawa ng mas malaking mga proyekto, kabilang na dito ang pagbisita sa mga kompanya, pag-iinterpret (pagsasalin), mga homestays at pagpapakilala ng kultura ng Hapon. GWY ay nagbibigay din ng impormasyon sa ibang bansa gamit ang kanilang website at online exchanges.



Ang ika-40 na taon na anibersaryo para sa kaganapan sa especial na pag-aaral



Summer Japanese language training program para sa mga unibersidad na estudyante ng bansang Hong Kong



Mga Presentors mula sa Multicultural Forum



Larawan sa Paggunita mula sa homestay family

## Nais naming marinig ang inyong mga saloobin tungkol sa “Sekai Wa Hitotsu” !

Maraming Salamat Po sa pagbabasa ng “Sekai Wa Hitotsu”. Dito sa Gifu International Center nilalathala naming ang newsletter, “Sekai Wa Hitotsu” tatlong beses bawat taon, (Pebrero, Hulyo at Nobyembre) sa wikang Japanese, English, Portuguese, Tagalog, Chinese, at Vietnamese, na ang layunin ay itaguyod ang pang internasyonal na palitan at isang lipunang multikultura.

Gumawa kami ng mga tanong o questionnaire para sa mga mambabasa upang mas mapabuti pa namin ang aming newsletter.

Mangyaring gamitin ang QR code sa ibaba sa kanan upang makumpleto ang mga questionnaire.

Ang questionnaire ay may wikang Japanese, English, Portuguese, Tagalog, Chinese at Vietnamese.

Paki kumpleto ang questionnaire hanggang ika-31ng Marso 2024(Linggo)


Inilathala ng **Gifu International Center (GIC)**

Gifu Chunichi Bldg., 2F,
1-12 Yanagase Dori, Gifu City, 500-8875
☎ 058-214-7700 FAX 058-263-8067
E-mail gic@gic.or.jp URL https://www.gic.or.jp
Araw at Oras na Bukas: Linggo hanggang Biyernes, 9:30~18:00
Araw na Sarado: Sabado Piyesta Opisyal at katapusan ng Taon
Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese

Petsa ng Isyu **2024 Pebrero 1**
**(3 beses sa 1 taon ang isyu Hulyo, Nobyembre at Pebrero)**





